

Bakit mahirap pumasok sa high school?

「Mga batang dumating sa Japan na may edad 15 pataas ay walang pampublikong pasilidad kung saan maaring makapag-aral」

Ang systema ng mga paaralan sa nakakaraming bansa ay ibinabase sa pagpasa sa mga kurso (ang mag-aaral ay hindi makapasok sa susunod na baitang kung hindi niya naipasa ang kurso) samantalang sa Japan ang pagpasok sa elementary at junior high school ay ibinabase sa edad ng mga bata (ang mga batang magkakasing-edad ay sama-sama sa pag-aaral), kung kaya't sa dahilang ito ang mga batang pumupunta sa Japan na may edad 15 pataas ay hindi na maaring pumasok sa junior high school. Natapos man nila ang pangunahing pag-aaral sa kanilang bansa at umaasang makakatanggap ng mas mataas na antas ng edukasyon dito sa Japan subalit walang pampublikong pasilidad kung saan sila ay maaring mag-aral at makakuha ng impormasyon. Isang dahilan na rin ang pagkakaiba ng nilalaman ng mga klase kumpara sa mga paaralan sa kanilang bansa. Ang mga katanungan sa pagsusulit sa pasukan sa high school ay nakatakda sa wikang Hapon at dapat sagutin sa wikang Hapon, na isang malaking hadlang para sa mga batang may banyagang pinagmulan kung kaya't hindi nila magawang ituloy ang pag-aral sa mataas na antas ng edukasyon. Gayunpaman kahit na madaling makalipat at pumasok sa elementary at junior high school dito sa Japan sa dahilang hindi ibinabase sa kakayahan ng bata, hindi inaasahan ng mga magulang at mga batang galing sa ibang bansa na mahirap ang pagpasok sa High School.



Taon-taon maraming mga batang may edad 15 pataas ang nag-aaral sa FICEC.

Simula 2013, may bilang na 22 mga bata na may edad 15 pataas ang nag-aaral sa FICEC. (7 galing sa Pilipinas, 6 galing sa Nepal, 4 galing sa China, 2 galing sa Myanmar, tag-1 na galing sa Pakistan, Mexico, at Bangladesh). Karamihan sa mga bata ay pinapunta sa Japan upang makasama ng kanilang mga magulang na pumunta dito para mag-trabaho o nag-asawa dito. Ang mga batang dumating dito na may edad 15 taon pababa ay naipasok sa elementary at junior high school at maari silang kumuha ng eksamen para sa pagpasok sa high school. Subalit ang mga batang may

edad 15 pataas ay hindi maaring kumuha ng eksamen sa pagpasok sa high school.

Kung ikaw ay may edad na 15 pataas at hindi mo natapos ang 9 na taong pag-aaral (elementary at junior high school) sa inyong bansa

Hindi ka makakalipat o makapasok sa public junior high school dito sa Japan.

Mayroon isang junior high school na may night school sa Saitama Prefecture kaya lang marami ang nag-aaply at ang pagpasok ay dapat mula buwan ng Abril lamang.

Kung ikaw ay may edad na 15 pataas at natapos mo ang 9 na taong pag-aaral sa inyong bansa


Walang pampublikong pasilidad kung saan maaring mag-aral.

Maaring kwalipikado kang kumuha ng eksamen para sa pagpasok sa high school, subalit mahihirapan ka dahil ang pagsusulit ay sa wikang Nihongo lamang.

*Mag-aral sa mga libreng klase ng suporta sa pag-aaral at mga klase sa Nihongo

*Mag-aral sa mga may bayad na kagaya ng multicultural free school at iba pa. [Walang free school sa Saitama Prefecture, kailangang pumunta sa mga pasilidad sa Tokyo o Chiba Prefecture].

Kinakailangang lumikha ng isang sistema kung saan ang lahat ng mga bata na pumupunta sa Japan ay magkaroon ng pag-asa at magsumikap sa kanilang layunin na makapasok sa high school o unibersidad. Sa partikular, kailangan ng mga libreng klase sa wikang Hapon para sa mga batang may banyagang pinagmulan na gustong magpatuloy sa mas mataas na edukasyon, mga materyales na kailangan para sa mga pagsusulit sa pasukan, at isang "pampublikong pasilidad para sa pag-aaral." Bilang karagdagan, ang mga pagsusulit sa pasukan sa high school ay isang malungkot na pakikibaka para sa mga dayuhang bata na walang kausap o kaibigan na makakausap. Kinakailangan ng mga batang may dayuhang nasyonalidad na magkaroon ng isang lugar kung saan maaari nilang ibahagi ang kahirapan sa pagkuha ng mga pagsusulit sa pasukan. Nagsusumikap ang FICEC para masuportahan ang mga batang may pinagmulang banyaga na gustong kumuha ng pagsusulit sa pasukan sa high school.





Mayroon akong permanent resident status dito sa Japan. Umuwi ako at nanganak sa aming bansa. Makapasok ba sa Japan ang aking anak sa kategorya bilang asawa/anak ng isang permanent resident?

Ang resident status bilang asawa/anak ng permanent resident ay naaangkop lamang sa mga batang ipinanganak sa Japan at patuloy na naninirahan sa Japan. Sa kasong ito, ang bata ay maaring i-aplay para sa katayuan ng paninirahan ng "Long Term Resident".

Gusto kong mag-apply upang magkaroon ng nasyonalidad ng Hapon. Ano ang mga kailangang dokumento at paano ang pamamaraan sa pag-apply?

Sa una ay kailangang mag-aplay para sa pahintulot para sa naturalisasyon at kailangang matugunan ang mga kundisyon na itinakda ng batas. Gayunpaman, ang naturalization ay hindi palaging pinahihintulutan.

Mag-apply sa legal affairs bureau na may hurisdiksyon sa lugar ng iyong paninirahan. Kung ang taong nagnanais na magkaroon ng nasyonalidad ng Hapon ay may edad 15 taong gulang pataas, ang tao mismo ang dapat na magsadya sa Legal Affairs Bureau o District Legal Affairs Bureau, at kung ang tao ay wala pang 15 taong gulang, isang legal na kinatawan tulad ng isang taong may awtoridad bilang magulang o isang tagapagalaga ay dapat magsadya at syang mag-aplay. Walang bayad ang pag-apply. Ang mga kinakailangang dokumento ay naiiba depende sa indibidwal, kaya mangyaring kumonsulta sa Legal Affairs Bureau o District Legal Affairs Bureau. Tingnan lamang ang website ng Legal Affairs Bureau or District Legal Affairs Bureau:

Ministry of Justice Website: [URL:http://www.moj.go.jp/](http://www.moj.go.jp/)

Ministry of Justice Nationality Q&A : [URL:http://www.moj.go.jp/MINJI/minji78.html#a08](http://www.moj.go.jp/MINJI/minji78.html#a08)

Makisaya tayo sa summer festival!

Ang FICEC ay kasali rin. Halina at dumalo tayo!

Fujimino-shi Tanabata Festival

8/5(Sabado)8/6(Linggo)

- Saan: Fukuoka Chuo Kouen
- Pinball game (may mga pa-premyo)
- Mga inuming pampalamig
- Eksibisyon ng mga katutubong kasuotan



Kamifukuoka Nishi Community Center Festival

9/10 (Linggo)

- Saan : Kamifukuoka -nishi Community Center
- Pinball game (may mga pa-premyo)
- Bazaar



Café FICEC

Only English café



Hulyo 23 (Linggo)

- Saan: Coop Plaza Fujimi
 - Isang pagtitipon at kasayahan kung saan ang pag-uusap ay sa wikang Ingles.
- Ang Café FICEC sa buwan ng Hulyo ay gaganapin sa Coop Mirai Plaza Festival.
- Tumawag at magpalista sa TEL: 049-256-4290



11/3(Holiday),4(Sabado),5(Linggo)

Eksibisyon ng istorya ng pagsuporta sa mga dayuhang nasyonal sa pagtatalakay ng Information Fujimino

May 25 taon na ang lumipas mula ng mailathala ang unang isyu ng Infomation Fujimino. Lahat ng pagtatalakay, mga artikulo, nilalaman, gayundin ang istorya ng FICEC ay ipapakita. Ang detalye ay mababasa sa isyu ng Setyembre.

Information Fujimino

発行/埼玉県指定・認定NPO法人 ふじみの国際交流センター